Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng aspekto ng pandiwa

Panuto: Tukuyin ang aspekto ng pandiwa na may salungguhit. Isulat sa patlang ang titik **A**, **B**, o **C** kung saan:

A = Aspektong Pangnagdaan/Naganap/Perpektibo;

B = Aspektong Pangkasalukuyan/Nagaganap/Imperpektibo; at

C = Aspektong Panghinaharap/Magaganap/Kontemplatibo.

_____ 1. Si Ate Carmen ay <u>bumili</u> ng karneng baka at mga gulay.

_____ 2. <u>Tutulungan</u> ni Ate Carmen si Nanay sa pagluto ng kaldereta bukas.

_____ 3. Ang iba't-ibang sangkap ng kaldereta ay <u>inihahanda</u> na namin.

_____ 4. Ang mga bawang at sibuyas ay <u>tinatadtad</u> na ni Ate Carmen.

_____ 5. Ako na po ang <u>maghahati</u> ng mga kamatis at sili.

_____ 6. Ang mga bawang at sibuyas ay <u>iginisa</u> na ni Nanay.

_____ 7. <u>Idadagdag</u> ko ang mga kamatis at sili sa kaserola mayamaya.

_____ 8. Mamaya ay <u>lalagyan</u> ni Nanay ng mga pirasong karneng baboy, *liver spread*, at sabaw ang kaserola.

_____ 9. Ang sabaw sa kaserola ay <u>kumukulo</u> na.

_____ 10. <u>Maghihintay</u> tayo hanggang malambot na ang karneng baka.

_____ 11. <u>Nagsaing</u> na rin pala si Nanay.

_____ 12. Sino ang <u>maghahanda</u> ng mesa para sa tanghalian natin?

_____ 13. <u>Tinatawag</u> na po ni Ate Carmen sina Tatay at Kuya Alex.

_____ 14. Alin ang <u>iinumin</u> ninyo, *orange juice* o *iced tea*?

_____ 15. <u>Tinitimpla</u> na po ni Kuya Alex ang *orange juice*.

_____ 16. <u>Tinikman</u> na ba ninyo ang kaldereta?

_____ 17. Sino ang <u>nagluto</u> nitong masarap na kaldereta?

_____ 18. <u>Tinuruan</u> po ako ni Nanay at Ate Carmen kung paano magluto nito.

_____ 19. <u>Kumakain</u> pa po si Kuya Alex.

_____ 20. Dahil kayo na ang nagluto, kami naman ni Alex ang <u>maghuhugas</u> ng mga pinggan.